

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Acute Lymphoblastic Leukemia

Ano ang Leukemia?

Ang leukemia ay isang uri ng kanser na nagmumula sa mga “white blood cells” o tinatawag na **puting** selyula ng ating dugo.

Paano binubuo ang dugo at ano ang nangyayari kapag may leukemia?

Ang ating dugo ay binubuo ng iba't ibang uri ng selyula katulad ng: “red blood cells” (RBC) na siyang naghahatid ng “oxygen” mula sa mga baga patungo sa lahat ng bahagi ng katawan; “white blood cells” (WBC) na tumutulong sa paglaban sa impeksiyon at ang “platelet” na tumutulong sa pag-ampat ng pagdudugo. Ang mga ito ay nabubuo sa “bone marrow” o ang mala-esponghang laman ng ating malalaking buto.

Kapag ang pamamaraan ng pagbuo ng mga selyula ng dugo ay naging depektibo **ang ating bone marrow ay gumagawa** ng batang selyula (“immature cells”) na kung tawagin ay “blast”. Ang di pangkaraniwang pagdami ng “blast” ay maaaring kumalat sa dugo, sa kulani at sa iba pang bahagi ng katawan gaya ng **tubing na bumabalot sa ating** utak, balat, bayag at iba pa.

Ano ang Acute Lymphoblastic Leukemia (ALL)?

Ang Acute Lymphoblastic Leukemia, ay isang uri ng kanser sa dugo kung saan may di pangkaraniwang pagdami ng batang (“immature”) lymphocytes, na kung tawagin ay “lymphoblast”. Ang “lymphocytes” ay isang uri ng “white blood cells” na karaniwang matatagpuan sa ating dugo at “bone marrow”. Ang ALL ang pinakakaraniwang kanser ng bata sa buong mundo.

Ano ang sanhi ng ALL ?

Sa kasalukuyan ay hindi pa alam ang tunay na sanhi ng ALL, **bagama't** may mga bagay na sinasabing **maaring may kinalaman o impluwensiya sa pagkakaroon** ng sakit na ito. Kabilang dito ang tinatawag na “genetics” o mga katangiang taglay mula pa sa pag**kapanganak**, mga bagay na maaaring matagpuan sa ating kapaligiran, at iba pa.

Gayon pa man, hindi lahat nang nagkakaroon ng leukemia ay taglay ang mga nabanggit na panganib. At marami sa mga may nabanggit na panganib ay hindi naman nagkaroon ng sakit na leukemia. **Samakatuwid**, sa karamihan sa mga batang may sakit ay hindi tiyak dahilan upang sapat na maipaliwanag ang pagkakaroon ng leukemia.

Ano ang mga sintomas o palatandaan ng ALL?

Ang mga senyales at sintomas ng ALL ay ayon sa selyula ng dugo o bahagi ng katawan na apektado ng di pangkaraniwang pagdami ng tinatawag na “lymphoblast”. Ito ay mga “lymphocytes” –isang klase ng “white blood cells” na nanatiling bata o “immature”. **Dahil sa abnormal na pagdami ng mga puting selyula ng dugo, nababawasan ang paggawa ng katawan ng pulang selyula o “red blood cells”** na nagdudulot ng pamumutla; pamamasa o pagdurugo dahil sa kakulangan sa “platelet” at panghihina ng **resistensiya** laban sa impeksiyon **dahil ang mga abnormal na “lymphoblasts” na ito ay di epektibo laban sa impeksiyon.**

Maaari ring kumalat ang “lymphoblast” sa **ibang** bahagi ng katawan at magdulot ng paglaki ng mga kulani, atay, pale at bayag. Kabilang sa iba pang mga palatandaan na maaaring makita ay ang mga sumusunod: pananakit ng mga buto, pamamanas ng mukha, pantal sa balat, pananakit ng ulo o kombulsyon.

Paano malalaman kung ang isang bata ay may ALL?

Kung ang isang bata ay may isa o higit pa sa mga senyales at sintomas na nabanggit, isang maingat na pagsusuri ang kailangang gawin. Kabilang dito ang pagtatanong sa pangkalahatang kalusugan ng bata at ng mga kapamilya, eksaminasyon ng buong katawan lalo na **ng** mga bahagi ng katawan na malimit maapektuhan ng sakit na ito.

Mahalagang suriin ang dugo para sa tinatawag na “complete blood count (CBC)” at **tingnan ang ang anyo nga mga selyula sa ilalim** ng “microscope” na kung tawagin ay “peripheral blood smear”. Batay dito, malalaman kung anong selyula ng dugo ang apektado at kung kailangang salinan ang bata ng dugo.

Kailangan ding sumailalim ang bata sa tinatawag na “bone marrow aspiration” o “biopsy” para matukoy ang uri ng leukemia mayroon ito. **Ang bone marrow ay ipasusuri rin sa** sa tinatawag na “cytogenetic” o “chromosomal testing”. Ang pagsasagawa ng “bone marrow aspiration” ay nangangailangan ng paggamit ng espesyal na karayom upang makakuha ng likidong bahagi ng “bone marrow” mula sa buto ng balakang. Samantala, sa “bone marrow biopsy” gumagamit ng espesyal na karayom upang makakuha ng sapat na matigas na bahagi ng “bone marrow” para ito ay masuri sa ilalim ng “microscope”.

Bukod dito, kinakailangan ding kunan ng tubig sa gulugod ang bata (“spinal tap”) upang malaman kung ito ay **apektado ng leukemia.**

Mahalaga rin ang isang pagsusuri ng mga baga sa eksrey (“chest x-ray”) upang matukoy kung mayroon itong mga malalaking kulani.

Anu-ano ang mga uri ng ALL?

Sa kabuuan, may dalawang klase ng “lymphocytes” – ang “T cell” at “B cell”. Ang ALL ay inuuri batay sa kung anong “lymphocyte” ang apektado at ito ay ang mga sumusunod: “pre- T leukemia”, “mature B-leukemia” at ang pinakakaraniwan sa lahat ang “pre-B leukemia” .

Ano ang ibig sabihin ng “staging”?

Ang “staging” ay isang pamamaraan na sinusunod upang malaman kung ang kanser ay nasa isang bahagi lamang o kung kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan.

Ang ALL ay hindi gumagamit ng pag-aantas o “staging”. **Ito ay dahil ang** Sapagka’t ang apektado ng leukemia ay ang selyula ng dugo. **Dahil dito**, sa simula pa lamang **ang leukemia** ay kalat na sa buong katawan.

Paano pina-plano ang paggamot sa batang may ALL?

Ang “pediatric oncologist” o espesyalista sa kanser o di kaya “pediatric hematologist” o espesyalista sa mga sakit sa dugo **na mga** may sapat na kaalaman sa leukemia, ang pangunahing doktor na **gumagamot** sa sakit na ito.

Bukod sa mga nabanggit, maraming doktor na may sapat na kaalaman sa **iba’t ibang aspeto ng** sakit na ito ang magtutulong-tulong upang maibigay ang angkop na paggamot sa sakit na leukemia. Kabilang sa mga ito ay ang mga sumusunod: pathologist, radiologist, radiation oncologist, pediatric surgeon, oncology nurses, pharmacist, psychologists, social workers, physical and occupational therapist at iba pa.

Paano ginagamot ang ALL?

Ang paggamot sa batang may ALL ay naaayon sa taglay nitong katangian na **maaaring makaapekto** sa kakayahan nitong gumaling. Mahalagang isaalang-alang ang **uri ng ALL**, edad **ng maysakit**, bilang ng “WBC” sa panahong natukoy ang sakit, kung apektado ang utak at/o tubig sa gulugod, mga kaaya-aya o di kaya-ayang pagbabago sa “chromosomes” na taglay ng bata, ang pagkamabisa ng unang kurso ng paggamot, kung may mga katangiang taglay na kung tawagin ay “genetic syndromes” (gaya ng “Down syndrome”) at iba pa.

Ang “chemotherapy” ang siyang pangunahing paraan sa paggamot ng sakit na leukemia. Layunin ng “chemotherapy” ang pagpuksa sa kanser sa pamamagitan ng **paggamit** ng iba’t ibang matatapang na gamot. Ito ay maaaring ipainom. iineksyon sa laman o ugat na kung tawagin ay “systemic therapy”. Samantala, **sa** “intrathecal chemotherapy” naman, ay ibinibigay sa pamamagitan ng pagineksyon nito sa gulugod upang dumaloy **sa tubig na bumabalot sa ating utak**. Ang mga pamamaraang Ito ay **ipapaliwanag** sa inyo ng inyong “oncologist” o “hematologist”.

Ang “radiation therapy” ay binibigay kung ang tubig sa gulugod at utak o ang bayag ng batang may sakit ay apektado ng leukemia. . Ito ay gumagamit ng malakas na uri ng enerhiya na nagmumula sa isang makina (“high energy x-rays”) upang patayin ang kanser. Ito ay isinasagawa ng isang radiation oncologist na **siyang dalubhasa sa paggamit nito**.

Para sa **ilang** batang may malubhang uri ng leukemia (“**very high risk leukemia**”) **maaarin silang mangailangan ng** mas agresibo na paggamot, katulad ng tinatawag na “blood stem cell” o “bone marrow transplantation. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbigay ng mas matapang na gamot kasunod nang pagbigay ng malusog na “blood stem/bone marrow cells” **mula sa isang angkop at malusog na kapatid o ibang tao**.. Ito ay hindi isang operasyon; bagkus, ang mga “blood stem cells” ay isinasalin sa pamamagitan ng ugat kagaya ng pagsalin ng dugo. Karamihan sa mga batang may leukemia ay hindi kailangang sumailam sa tinatawag na “transplantation” **upang** gumaling.



Ang mahalagang impormasyon na ito ay mula sa pagsisikap ng Philippine Society of Pediatric Oncology, Inc. (PSPO), isang kasapi ng samahan ng Philippine Pediatric Society (PPS). Para sa iba pang katanungan tungkol sa paggamot ng sakit na ito, whinihikayat ang pagkonsulta sa inyong “pediatric oncologist” na may dalubhasang kaalaman tungkol dito